



Australian Government



Tulong para sa mga trabahador na nawalan kamakailan ng kanilang mga trabaho sa pagawaan ng tela, damit at sapatos

Kung kayo ay pinaretiro sa pagtatrabaho sa mga karapat-dapat na pagawaan ng tela, damit at sapatos may masinsinang serbisyo na magagamit upang makatulong sa inyo sa paghahanap ng bagong trabaho. Ang pakete ng pagtulong na ito ay tinatawag na Textile, Clothing and Footwear Structural Adjustment Program (Programang Pagbabago sa Kalagayan sa Tela, Damit at Sapatos).

Upang makagamit kaagad sa mga paglilingkod ng masinsinang pagkaempleyo, kailangan ninyong magparehistro sa pinakamalapit sa inyong lugar na tagapagdulong ng Job Services Australia na gusto ninyo.

Ang tagapagdudulong ng Job Services Australia ay magsasangguni sa inyo sa Centrelink upang makakuha ng impormasyon at makapagrehistro para sa pansuporta sa sahod.

Paano magparehistro

1. Pumili ng isang tagapagdulong ng Job Services Australia na malapit sa inyo

Upang malaman kung saan ang pinakamalapit sa inyo na tagapagdulong ng Job Services Australia, tumawag sa **13 17 64** o bumisita sa deewr.gov.au/jobservicesaustralia.

2. Kausapin ang inyong tagapagdulong ng Job Services Australia

Ang inyong tagapagdulong ng Job Services Australia ay detalyadong magtatasa ng inyong sitwasyon at magbibigay sa inyo ng masinsinang mga pansuportang serbisyo. Kabilang dito ang ibinabagay na Employment Pathway Plan upang matulungan kayong makahanap kaagad ng bagong trabaho.

3. Direktang magparehistro para sa mga serbisyo ng Stream 3 sa tagapagdulong ng Job Services Australia

Upang tamang maipaparehistro kayo ng tagapagdulong ng Job Services Australia sa mga serbisyo ng Stream 3 tiyaking dala-dala ninyo ang sulat o iba pang katibayan ng inyong pagkakaretiro sa trabaho. Titingnan ng tagapagdulong ng Job Services Australia kung kayo ay karapat-dapat¹. Kung gusto ninyong makatanggap ng ganitong tulong, dapat kayong magparehistro sa isang tagapagdulong ng Job Services Australia sa loob ng 6 na buwan mula sa inyong pagkakaretiro sa trabaho.

Mga Serbisyo ng Interpreter

Kung nangangailangan kayo ng tulong mula sa mga serbisyo sa wika, tawagan ang Job Services Australia Customer Service Line sa **1800 805 260** at sila ang tutulong sa inyo tungkol sa interpreter.

May makukuhang mga polyetong isinalin sa mga wika sa: deewr.gov.au/Employment/JSA/Resources/Pages/translatedbrochures.aspx

Tulong sa mga nagtatrabaho sa industriya ng tela, damit at sapatos

Ang Job Services Australia ay nagbibigay ng:

- tulong sa paggawa ng inyong résumé, sulat -aplikasyon sa trabaho at mga kasanayan sa trabaho
- impormasyon tungkol sa mga pagkakataon sa mga bagong trabaho sa inyong lugar na nababagay sa inyo
- pagpapayo sa mga pinakamahusay na paraan upang makahanap ng trabaho
- impormasyon kung paano makatanggap ng pagsasanay (katulad ng pinondohan ng Komonwelt na Productivity Places Program)
- Tumulong sa inyo na makakagamit ng isang hanay ng mga pagsasanay sa mga kursong bokasyonal at di-bokasyonal. Maaari rin silang tumulong sa inyong mga babayaran sa pagsasanay-trabaho, mga pagsasanay at mga aklat sa eskwela.
- Tumulong sa inyo na makakuha ng mga lisensiya, katibayan at iba pang mga kwalipikasyon.
- Tumulong sa paggamit ng JobSearch website at paggamit sa mga kagamitan sa paghahanap ng trabaho.
- Tumulong sa inyo sa anumang mga usaping maaaring nagpapahirap sa inyong makahanap o magpatuloy sa trabaho. Kung nararapat, maaaring kasama rito ang paggamit sa pagpapayo at iba pang mga serbisyonang pangpropesyon.

¹Ang mga tagapagdulong ng Job Services Australia ay magtatanong sa kompanyang huli ninyong pinasukan at kung hindi sila tiyak kung paano kayo ipaparehistro, ang tagapagdulong ng Job Services Australia ay maaaring kumontak sa LAP Hotline sa **1300 663 946**.

Employment Pathway Plan

Ang tagapagdulong ng Job Services Australia ay regular na makikipagkita sa inyo upang matulungan kayo sa pagbuo ng naibabagay na Employment Pathway Plan.

Ang inyong Employment Pathway Plan ay direktang nakakatulong sa inyo sa pamamagitan ng:

- Pagkakatala sa inyong mga naging trabaho, kasanayan at edukasyon
- Pagbibigay-diin sa trabahong nakabukas sa inyong lugar kasama mga kasanayan at edukasyon upang magawa itong trabaho
- Pag-uusapan at pagkakaalala ng mga uri ng trabaho na gusto ninyong gawin
- Pagkakaalala sa mga hakbangin na inyong gagawin tungo sa bagong trabaho kasama na ang mga tulong sa mga nababagay na pagsasanay sa bokasyonal at di-bokasyonal.

Employment Pathway Fund

Ang tagapagdulong ng Job Services Australia ay makakagamit sa Employment Pathway Fund upang makakuha ng mga tulong at serbisyo upang matulungan kayo sa paghahanap ng trabaho.

Para sa mga nararapat na trabahador ng TCF, kasama sa pondong ito ang \$1,350 pautang upang magamit ng tagapagdulong ng Job Services Australia sa mga serbisyo na makakatulong sa pagkakahapanap at pagpapanatili ninyo sa bagong trabaho. Ang tagapagdulong ng Job Services Australia ay magbibigay ng tulong na nararapat sa inyong mga natatanging pangangailangan.

Walang hangganang pinakamaliit o pinakamalaking halaga na maaaring magastos para makatulong sa inyong paghahanap ng bagong trabaho. Ang halagang magagastos ng Job Services Australia para sa inyo ay dapat nagsasalamain ng inyong mga tanging pangangailangan kahit ito ay humigit pa sa \$1,350 na pautang mula sa TCF SAP.

Ang Employment Pathway Fund ay maaaring magamit para sa:

- mga pagsasanay na kurso
- mga gastusin sa maikling pagbibiyaha
- mga gastusin sa paglilipat upang magsimula ng pagtatrabaho.
- paggamit sa tulong ng interpreter kung kinakailangan
- lisensiya at pagsasanay sa pagmamaneho
- pagdadamit ng maayos, mga kinakailangan sa kalinisan ng katawan at pagpapagupit
- mga damit pangtrabaho, uniporme at mga kagamitang pangkaligtasan
- pambayad sa sahod at mga pagsubok ng trabaho
- mga paglilingkod /kagamitan na kinakailangan sa pagkakaroon ng mga pangkaranasang gawain sa trabaho, kasama na ang mga gawain ng pangkat
- mga paggamit ng telepono sa paghahanap ng trabaho
- mga gastos para maipaabot ang paglilingkod
- mga pangunahing kagamitan sa trabaho, katunayan at lisensiya
- pagsasanay para sa pagtatrabaho ng sarili at pantulong nito
- mga serbisyo sa dentista at optiko
- mga pagpapasuri bago magtrabaho (kasali ang mga pa-tsek sa pulisya para sa gawaing pangkasanayan sa trabaho)
- mga pagpapakumpuni at pagrehistro sa sasakyan
- ang mga serbisyong pansuporta ng kalusugan sa pag-iisip, pagpapayo, rehabilitasyon (kasama ang droga at alak), mga araling kurso sa pag-uunlad at pagtitiwala sa sarili, pagkakasundo ng pamilya, pagpapayo sa pananalapi at pamamahala sa galit, na maaaring ipaglilingkod sa loob ng ahensya o kunin sa iba.

- personal na suporta at pagtuturo kapag natanggap sa bagong trabaho

Pag-uusapan ninyo ng tagapagdulong ng Job Services Australia ang tungkol sa mga pinakamahusay na pagpipilian para sa inyo.

Productivity Places Program

Maaari rin kayong makapamilya ng pagsasanay sa malawakang hanay ng industriya at pagkakakitaan kung saan maaaring makapagtrabaho.

Ang pakikilahok sa Structural Adjustment Places na sakop ng Productivity Places Program ay tanging para sa pangkat ng mga nalinsad sa trabaho at inaaprobahan depende sa kani-kanilang sitwasyon. Kung hindi nakatitayak ang inyong taga-empleyo kung mayroon silang lugar para sa Structural Adjustment Places, maaari silang tumawag sa Department of Education, Employment and Workplace Relations (Kagawaran ng mga Ugnayan sa Edukasyon, Trabaho at Lugar Pagawaan) sa **13 38 73** o mag-email sa **productivityplaces@deewr.gov.au**

Pagkaraan ng ika-1 ng July 2010, kayo ay kailangang magkipag-usap sa tagapagdulong ng Job Services Australia tungkol sa paggamit ng mga panghaling pagsasanay. Para sa karagdagang impormasyon, maaari ninyong tawagan ang tagapagdulong ng Job Services Australia o bumisita sa **productivityplaces.deewr.gov.au**

Language Literacy and Numeracy Program (Programang Pagbasa't Pagsulat at Pagbilang)

Ang Language Literacy and Numeracy Program (Programang Pagbasa't Pagsulat at Pagbilang) ay nagbibigay ng pagsasanay sa mga karapat-dapat na kliyente.

Ang Centrelink at Job Services Australia ay maaaring magrekumenda sa iyo sa tagapagdulong ng Language Literacy and Numeracy Program (Programang Pagbasa't Pagsulat at Pagbilang).

Kung kayo ay karapat-dapat, ang programang ito ay tutulong sa inyo na mapaunlad ng inyong kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pagbilang sa pag-asang na ang mga pagbabagong ito ay nagbibigay sa inyo ng mataas na kakayahan sa pakikisali sa mga pagsasanay o sa pagbabalik trabaho. Ang mga pagsasanay ay makukuha sa bahagi ng araw (di-kukulangin sa 10 oras at pinakamatagal sa 19 oras bawat linggo) o sa buong araw (di-kukulangin sa 20 oras bawat linggo).

Para sa dadag na impormasyon tawagan ang inyong tagapagdulong ng Job Services Australia o puntahan sa kompyuter ang **deewr.gov.au/LLNP**

Adult Migrant English Program (Programang Pag-aaral ng Ingles ng mga Matatanda)

Ang Adult Migrant English Program (Programang Pag-aaral ng Ingles ng mga Matatanda) ay nagbibigay ng mga primaryang pagkatuto sa wikang Ingles upang matulungan ang mga karapat-dapat na matatandang migrante at nagsilikas na makapanirahan ng maayos sa Australya. Ang mga kasali ay maaari ring magkaroon ng mga bagong kaibigan at ng malaman ang tungkol sa Australya, ang kanyang mga mamamayan at mga kagawian.

Ang Adult Migrant English Program (Programang Pag-aaral ng Ingles ng mga Matatanda) ay pinamamahalaan ng Department of Immigration and Citizenship (Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan). Para sa dagdag na impormasyon at upang malaman kung kayo ay karapat-dapat sa ganitong tulong, tumawag sa Department of Immigration and Citizenship (Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan) sa **13 18 81** o bumisita sa **immi.gov.au/amep**

Ang mga naghahanap ng trabaho na may mga kapansanan sa katawan at pag-iisip

Kung kayo ay may kapansanan o may mga problema sa kalusugan at may mga natatanging pangangailangan ng suporta, maaari kayong karapat-dapat sa Disability Employment Services. Ang tagapagdulot ng Disability Employment Services ay maaaring magbigay ng natatanging tulong at mabigyan kayo ng patuloy na suporta upang makahanap at manatili sa trabaho. Ang tagapagdulot ng Job Services Australia ay maaaring kumausap sa inyo tungkol sa kwalipikasyon at tulongan kayo sa pagkakatasang inyong kwalipikasyon, kung kinakailangan.

Para sa dagdag na impormasyon kung paano kayo matutulungan ng mga nagdudulot ng Disability Employment Services, o malaman ang lugar ng pinakamalapit na opisina nila, tumawag sa isang Job Access Adviser sa **1800 464 800** o bumisita sa jobaccess.gov.au.

Special Child Care Benefit (Natatanging Benepisyo sa Pagka-alaga ng Bata)

Kung kayo ay nahihirapan sa mga gastusin sa pagkaka-alaga ng anak dahil sa pagkaalis ninyo sa trabaho, baka nararapat kayo para sa Special Child Care Benefit (Natatanging Benepisyo sa Pagka-alaga ng Bata). Para sa dagdag na impormasyon, tawagan ang Family Assistance Office (Opisina ng Tulong sa Pamilya) sa **13 61 50**.

Tulong sa pamamahala ng inyong mga pananalapi

Ang Centrelink ay nagbibigay ng walang bayad at walang kinikilingang payo tungkol sa inyong mga kabayaran at benepisyo sa pagka-pagkakaretiro sa trabaho at tulong ng Gobyerno.

Ang pagiging karapat-dapat sa pansuporta sa sahod ay depende sa inyong personal na sitwasyon, kasama ang inyong kinikita at ari-arian. Kung kayo ay karapat-dapat sa pansuporta sa sahod, maaaring ito ay hindi ninyo magagamit ng ilang panahon depende sa halaga ng ibinayad sa inyong pagkakaretiro (leave o redundancy).

Para sa impormasyon, tumawag sa Centrelink sa **13 24 90** o bumisita sa centrelink.gov.au.

Para sa karagdagang impormasyon

Tumawag sa **13 17 64** o bumisita sa deewr.gov.au/jobservicesaustralia.

Tumawag sa Centrelink on **13 28 50** o bumisita sa centrelink.gov.au.

Para sa pagpapayo tungkol sa kakayanin sa pagkakaretiro sa trabaho, bumisita sa Beyond Blue sa beyondblue.org.au.

Ang inyong karapatan sa pagkapribado

Ang inyong personal na impormasyon ay pinapangalagaan ng *Privacy Act 1988 (Batas ng Pagkapribasya 1988)* at ang impormasyon tungkol sa iyo ay maaari ring protektahan ng *Social Security (Administration) Act 1999 (Pamamahala ng Panlipunang Katiwasayan, Batas 1999)* (halimbawa, kung kayo ay tumatanggap ng dagdag sa kinikita (income support). Ang impormasyon tungkol sa inyo ay maaaring ipamahagi ng inyong tagapagdulot ng Job Services Australia sa Department of Education, Employment and Workplace Relations (Kagawaran ng mga Ugnayan sa Edukasyon, Trabaho at Lugar Pagawaan) (DEEWR), Centrelink at mga ibang ahensya at kagawaran ng Pamahalaang Australyano, upang makapagbigay sila ng mga nararapat na serbisyo para sa inyong mga pangangailangan.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa inyong pagkapribado, tanungin ang tagapagdulot ng Job Services Australia, DEEWR o puntahan ang privacy.gov.au.

Ang Katiyakan ng Aming Serbisyo sa Inyo

Katiyakan ng Paglilingkod

Kayo ay bibigyan ng mga tuloy-tuloy na personal na serbisyo mula sa tagapagdulot ng Job Services Australia. Ang mga serbisyo ay sensitibo sa inyong mga kalagayan at nakaraan. Upang matingnan ang lahat na Service Guarantees tingnan ang deewr.gov.au/jobservicesaustralia.

Coda sa Paglilingkod

Nakakontrata ang mga tagapagdulot ng Job Services Australia upang magbigay ng mga serbisyo ng pagka-empleyo na pinondohan ng Pamahalaang Australyano at sumang-ayon at nangakong susunod sa Employment Services Code of Practice (Patakaran sa Paglilingkod ng mga Serbisyo sa Pagkakaempleyo). Upang mabasa ninyo ang Code of Practice (Patakaran sa Paglilingkod) puntahan ang deewr.gov.au/jobservicesaustralia.